14 PULIS POSITIBO SA COVID

QCPD headquarters ni-lockdown

Kinumpirma kahapon ng National Capital Region Police Office (NCRPO) na naka-lockdown sa loob ng 3 araw ang Quezon City Police District (QCPD) headquarters sa Camp Karingal, Quezon City dahil sa pag-positibo ng 14 na tauhan nito sa COVID-19 sa isinagawang target group testing noong Abril 25-29, 2020.

Mula sa 1,563 populasyon sa loob ng Camp Karingal kabilang ang Regional Support Units, 219 lang ang sumalang sa target group testing at 115 dito ang nai-release na ang resulta kabilang ang 14 na positibo habang hinihintay pa ang 104 tests results.

Ang mga nagpositibo ay dating na-deploy sa Enhanced Quarantine Control Points.

Ang camp-wide lockdown ay nagsimula alas-5:00 ng hapon nitong Sabado (Mayo 9) at magtatapos sa alas -5:00 ng Martes (Mayo 12) para bigyang daan ang intensive contact tracing sa 13 nagpositibo na inilipat na sa NCRPO Special Care Facility; makapagsagawa ng evaluation at monitoring sa mga nakasalamuha nila o direct contact na ipadadala rin sa SCF para sa isolation.

Magsasagawa rin ng agarang decontamination sa buong pasilidad ng Camp karingal at pagpapatupad ng preventive measures para hindi na mahawa pa ang iba pang personnel.

Samantala, ang district director naman na si P/Brig. General Ronnie Montejo ay pansamantalang nag-oopisina sa Kamuning Police Station 10, ng QCPD. *(Ludy Bermudo)*